Pangalan: Ramon Abdulrahman Navalle
Paksa ng Khutbah: “Obligasyon ng Anak at Magulang”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
February 2, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”***
(Alo ‘Imran: 102)

Mga minamahal kong kapatid sa pananampalatayang Islam, isa sa mga pinakamahalagang aspeto ng ating pananampalataya ay ang pagpapahalaga sa ating mga magulang at mga anak, at ang pagtupad sa mga obligasyon sa isa’t isa. Bilang mga Muslim, nararapat lamang na ating sundin ang mga kautusan ni Allah na nakasaad sa Qur-an at sa mga Hadith ng ating mahal na Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Ang mga aral at halimbawa na makikita natin sa mga ito ay hindi lamang para sa ating espiritwal na paglago, kundi upang magabayan tayo sa paggawa ng mga tamang hakbang at pagkilos, lalong-lalo na sa ating mga pamilya.

Ang bawat pamilya ay may tungkuling tinatahak. Kung ang bawat miyembro ay tutupad sa kanilang mga obligasyon, maghahari ang kapayapaan at pagkakaisa sa tahanan. Subalit, mga kapatid, naitatanong ba natin sa ating mga sarili: Ginagampanan ko ba ang aking tungkulin bilang anak, at bilang magulang? At higit sa lahat, sumusunod ba tayo sa kalooban ni Allah sa mga responsibilidad na ito?

Sa mga magulang, sa mga anak, sa bawat isa sa atin. Si Allah Subhanahu wa Ta’ala ay nagtakda ng mga responsibilidad na may kaakibat na

mga karapatan. Kaya't ang ating pamilya ay isang institusyon ng pagmamahal, respeto, at pag-unawa sa kalooban ni Allah.

Ang anak ay may tungkuling magpakita ng paggalang, pagmamahal, at malasakit sa kanilang mga magulang. Ang paggalang at pagmamahal ay hindi lamang sa pamamagitan ng salita kundi sa bawat kilos. Sa bawat araw ng buhay natin, nararapat na ipakita natin ang ating paggalang at pasasalamat sa mga magulang, na siyang nag-alaga, nagtaguyod, at nagbigay ng lahat ng kanilang makakaya upang tayo ay lumaki bilang mabuting tao. Itinataguyod ni Allah ang ating mga magulang at iniuutos sa atin ang pagpapakita ng kabutihang loob at pagpapahalaga sa kanila.

Si Allah ay nagsabi sa Qur-an:

﴿ وَوَصَّيْنَا الْإِنسَانَ بِوَالِدَيْهِ إِحْسَانًا ﴾ الأحقاف: 15

***"At Aming iniutos sa tao na maging mabuti sa kanyang mga magulang."***
(Al-Ahqaf: 15)

Mga kapatid, naitanong na ba natin sa ating mga sarili ang ganito: Nagpapasalamat ba ako sa aking mga magulang sa lahat ng kanilang sakripisyo? Napatawad ko na ba sila sa kanilang pagkukulang? Sa kabila ng lahat ng kanilang sakripisyo, hindi na rin ligtas ang mga magulang sa pagkakamali o pagkukulang. Kaya't kung sakali mang sila ay magkamali, ang anak ay inaasahang magpatawad, magpakita ng malasakit, at huwag hayaang magdulot ng hindi pagkakaunawaan o pagkakagulo sa pamilya. Ang pag-aalaga sa kanila kapag sila ay tumanda o nagkasakit ay isang tungkuling hindi dapat iwasan, kundi isang pagkakataon upang maipakita ang ating pagmamahal sa kanila.

Ngunit hindi lamang ang mga anak ang may mga tungkulin. Ang mga magulang naman ay may mga obligasyon sa kanilang mga anak. Ang mga magulang ay may pananagutan sa pagpapalaki ng kanilang mga anak sa tamang paraan. Hindi ba't ang magulang ang unang guro ng kanilang mga anak? Kaya't ang magulang ay nararapat na magbigay ng sapat na edukasyon, hindi lamang sa mga makamundong kaalaman kundi lalo na sa mga kaalaman sa Islam. Ang pagpapalaganap ng tamang pananampalataya, pagpapahalaga sa moralidad, at paghubog ng mabuting asal sa mga anak ay isa sa mga pinakamahalagang tungkulin ng mga magulang, at upang sa paglaki ng kanilang mga anak ay magtaglay sila ng mga katangiang magdadala sa kanila sa tamang landas patungo kay Allah.

Sinabi ng Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"خَيْرُكُمْ خَيْرُكُمْ لِأَهْلِهِ." (رَوَاهُ التِّرْمِذِيُّ)

*“Ang pinakamabuti sa inyo ay ang siyang pinakamabuti sa kanyang pamilya.”* (Inulat ni At-Tirmidhi)

Mga magulang, tanungin natin ang ating mga sarili: Ako ba ay nagiging mabuting halimbawa sa aking anak? Tinuturuan ko ba sila ng tamang asal at pananampalataya? Ako ba ang gabay na magsisilbing ilaw sa kanilang landas tungo sa kaluguran ni Allah? Ang isang magulang ay nararapat na maging isang halimbawa sa kanilang anak. Kung nais nating maging mabuti at responsable ang ating mga anak, nararapat lamang na tayo mismo ay magsimula sa pagiging mabuting halimbawa. Ang pagiging magalang, masinop, tapat, at mapagmahal ay mga katangiang nararapat nating ipakita upang magsilbing ilaw sa kanilang landas. Ang pagtuturo sa kanila ng mga “moral values” tulad ng pagiging maawain, magalang sa nakakatanda, at marunong magpatawad ay magbibigay daan upang sila ay maging isang Muslim na may takot kay Allah at may malasakit sa kanilang kapwa.

Sa mga magulang, ang mga anak ay isang “Amanah”, isang yaman na ipinagkatiwala ni Allah. Dapat nilang itaguyod ang kanilang mga anak sa tamang pananampalataya, turuan sila ng mga mabubuting asal, at gabayan sila sa lahat ng aspeto ng buhay—mula sa pananampalataya, edukasyon, at moralidad. Sa ganitong paraan, ang mga magulang ay magiging tagapagturo at gabay sa mga susunod na henerasyon, nagiging instrumento sa pagtutok ng tamang landas ng kanilang mga anak.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid, ang ating pamilya ay isang yunit ng lipunan na nagsisilbing unang paaralan para sa bawat isa sa atin. Ang mga magulang at anak ay may mga responsibilidad na magkasamang ginagampanan upang lumikha ng isang tahanang puno ng pagmamahal, respeto, at takot kay Allah.

Sinabi ni Allah:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا قُوا أَنفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا ﴾ التحريم: 6

***"O kayong mga naniwala! Iligtas ninyo ang inyong sarili at ang inyong mga pamilya mula sa Apoy."*** (At-Tahrim: 6)

Mga kapatid, ang ating responsibilidad ay hindi lamang sa sarili kundi pati na rin sa ating pamilya. Ang pagliligtas sa kanila mula sa apoy ng Impiyerno ay nangangahulugan ng pagtuturo sa kanila ng tamang pananampalataya, pag-akay sa kanila sa paggawa ng mabuti, at pagtutuwid sa kanilang pagkakamali sa paraang puno ng habag at pag-unawa. Subalit, tanungin natin ang ating sarili: Ako ba ay nagiging isang mabuting tagapag-akay para sa aking pamilya? Tinutulungan ko ba silang lumapit kay Allah, o nagiging dahilan ako ng kanilang paglayo sa tamang landas?

Mga kapatid, tandaan natin na ang bawat miyembro ng pamilya ay mahalaga. Kapag ang bawat isa ay tumutupad sa kanyang tungkulin at sumusunod sa mga kautusan ni Allah, magiging mas maayos, mas payapa, at mas masaya ang ating tahanan. Kaya't magsikap tayo na maging mabuting anak, magulang, o kapatid ayon sa mga turo ng Islam. Ipagdasal natin na patuloy tayong gabayan ni Allah sa ating mga tungkulin at responsibilidad sa bawat isa. Nawa'y magtulungan tayo upang mapanatili ang kapayapaan at pagmamahal sa ating mga pamilya, at sa huli ay magtagumpay tayo sa Mundong ito at sa kabilang-buhay.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***